

1

Malate Catholic School, 1995...

“Uy, sabay na naman sila,” tukso ni Minnie, ang numero unong intrigera sa Section A. Saksakan ito ng tsismosa at lahat ay nakikita nito—walang ligtas, wika nga. Nakatingin ito kay Allie na kararating lang at kasama ang lalaking kaklase.

“Ano’ng masama kung sabay kami? Magkapitbahay kami.” ani JR, ang best friend niya. Natameme si Minnie kaya umirap na lamang ito saka lumayo.

“Ikaw naman, tinarayan mo si Minnie,” natatawang saway niya sa kababata. “Babae ’yun saka ’yun lang ang hobby niya.”

“Babae nga pero daig pa ang maton kung kumilos. Mabuti na ’yun para hindi masanay na tuksuhin ka.”

“Kaya ko naman ’yan,” aniya habang nakatingin sa papalayong pigura ni Minnie. Lumingon pa ang babae sa kanila at muling umirap.

“Basta, hangga’t nandito ako, ayokong may nanunukso sa ’yo.”

“Oh, my bodyguard,” biro niya sa kaibigan na

laging protective sa kanya. Na-a-appreciate naman niya ang ginagawa nito dahil wala siyang kapatid na lalaki. Solong anak lang kasi siya.

Elementary pa lang nang maging magkaklase sina Allie Delgado at Julio Ramon 'JR' Vasquez. Magkalapit ang mga bahay nila sa San Andres kaya lagi silang sabay sa pagpasok sa tuwing sinusundo sila ng school service. Noong una ay ayaw sana niyang makipagkaibigan sa lalaki dahil mukha itong siga at sutil, pero natuklasan niyang masarap itong kausap at lagi siyang napapatawa nito kaya naging malapit sila sa isa't isa. Bagaman kasundo nito ang lahat ng kaklase nila noong elementary, hindi ito mabarkada at siya lang ang laging kausap. Hanggang sumapit sila ng high school ay sila pa rin ang magkaibigan.

May mga kaibigan din siyang babae, pero mas close lang talaga siya kay JR. Madali itong pakisamahan kahit makulit kung minsan. Kampante siya kapag ito ang kasama dahil alam niyang hindi siya nito pababayaan.

Regular na bisita nila sa bahay ang kanyang kababata at lagi itong may dalang pagkain. Panonood ng DVDs ang hilig nila—action, drama, comedy, love story, pati cartoons.

Hanga si Allie sa kaibigan dahil kahit lalaki ay

mahilig itong magbasa. Mas marami pa nga itong collection ng American and British novels. Mahilig din siyang magbasa, pero pulos kuwentong romance ang hilig niya, kabaligtaran ni JR na mystery, action at spy-related stories ang gusto. Libangan din nito ang magsasagot sa crossword puzzles.

Lagi nga silang magkasama, pero hindi sila gaanong tinutukso ng mga kaklase. Si Minnie lamang ang naglakas-loob, pero kaagad din itong tumigil. Hindi kasi basta-basta natutukso ng mga kaklase si JR. Iba ang personality ng kaibigan niya—for some strange reason ay iginagalang ito at pinangingilagan.

“Buti na lang may bodyguard kang guwaping, di ba?” narinig niyang sabi ng kababata habang naglalakad sila papasok ng campus.

Natawa siya dahil umiral ang pagiging mayabang ng kaibigan. Guwapo talaga si JR. Bagaman kayumanggi ito, makinis ang balat na bumagay sa maamo nitong mukha. May pagkasingkit ang mga mata nito pero mahahaba at makakapal ang pilik. Matangkad na rin ang lalaki kahit high school pa lang sila; nasa 5’8” na ang height nito.

“Guwaping na kung guwaping! Sige na nga, hindi na ako kokontra; ’yan lang naman ang kasiyahan mo sa buhay.”

Tuluyan silang nagkatawanan bago pumasok sa klase.

Nasa second year high school pa lang sila, pero ilang buwan na lang at matatapos na ang school year. Ngayon pa lang ay excited na ang lahat na tumuntong sa third year dahil makakapag-JS Prom sila. Isa si Allie sa mga excited mag-attend ng prom dahil may crush siya sa high school department.

“Ipakilala mo na kasi ako kay Yael, di ba nakakalaro mo siya ng basketball?” ungot ni Allie sa kaibigan. Weekend iyon, katatapos lang nilang manood ng DVD.

“Ano naman kung nakakalaro ko? Hindi kami gan’un ka-close!” tila walang pakialam na nagsalang uli ng DVD si JR.

Third year high school si Yael, nauna sa kanila ng isang taon. Member ito ng basketball varsity team at isa sa pinakasikat na estudyante sa campus nila.

Alam niyang halos lahat ng kaklase niyang babae ay may crush sa basketball player. Bakit hindi, may hitsura ito.

“May girlfriend na ’yun, si Nancy na taga-Section

D,” anang kaibigan, clueless na nasasaktan na ang puso niya. Minsan lang siya magka-crush, taken pa.

“Girlfriend pa lang naman, hindi pa sila kasal! Kaya hindi pa bawal makipagkilala,” aniya na desidido sa kagustuhang makilala ang manlalaro.

“Magpapayat ka muna, baka mapagkamalan kang bola ni Yael,” saad nito. “Ang gusto niya’y sexy, hindi Dabiana,” dugtong pa nito bago tumawa nang malakas.

Sa narinig ay naningkit ang mga mata ni Allie. Galit na hinampas niya ng throw pillow ang lalaki bago tumayo at naglakad palayo.

“Manood ka diyang mag-isa!” asik niya bago isinara ang pinto ng kuwarto.

Asar na humiga siya sa kama. Ni hindi man lang kumatok para mag-sorry si JR. Nanatili itong nanonood ng DVD sa sala, tila hindi ininda ang sama ng loob niya. Nang matapos ang pinapanood, saka lang nito naisipan na puntahan siya sa silid. Pero dedma lang siya sa kaibigan. Hindi niya ito pinagbuksan man lang.

Bola pala, ha? Dabiana? Puwes, humanda ka, Tipaklong!

Tumayo si Allie at tumingin sa salamin. Oo nga at mas payat si Nancy kaysa sa kanya, pero hindi naman siya Dabiana. Natural lang na may mga baby fats siya dahil quince años pa lang siya. Saka masarap kumain! Sino siya para tumanggi kapag ang nakahain ay crispy pata at kare-kare? At masamang talikuran ang hapag-kainan lalo na kapag may adobo, macaroni salad at leche flan!

Pero dahil sa sinabi ng kaibigan ay isang plano ang nabuo sa isip niya. Tingnan lang niya kung hindi mas gumanda ang katawan niya!

“Bahala ka kung ayaw mong lumabas. Aalis na ako,” narinig niyang paalam ni JR.

Alam niyang nasa labas lang ng pinto niya ang traydor. Dedma pa rin siya. Masama ang loob niya kaya bakit niya papansin ang mokong na iyon?

“Sasabihin ko na lang kay Yael na may bolang gustong makipagkilala sa kanya!” anito, saka tumawa muli nang malakas.

Tuluyan nang napaiyak si Allie.

Lunes, alas sais pa lang ng umaga ay may nag-doorbell na. Napasilip tuloy si Allie sa bintana dahil

ang alam niya, six forty-five pa dadaan si Mang Ambo, ang driver ng service na kinontrata ng mama niya para maghatid-sundo sa kanya sa paaralan. Madalas ay kasabay niya si JR pero nang araw na iyon, dasal niya ay sana tinanghali ng gising ang lalaki para hindi niya makasama papuntang school.

Pero nadismaya siya nang makitang si JR mismo ang nasa labas ng gate nila at mas maaga pa kay Mang Ambo! Kaagad niyang tinawag ang maid nila.

“Sabihin mong mauna na siya.”

“Wala pa naman ang service n’yo, ah,” nagtatakang tugon ni Lilet. “Papasukin ko na nga, eh.”

“Ah, basta! Ayaw ko siyang makita!”

“LQ kayo?” tanong ng isa pang intrigera sa buhay niya.

“Tinawag akong ‘Dabiana’ ng hinayupak na ‘yon!”

Napatangu-tango si Lilet. “Ah, LQ nga. Sige, ako ang bahala.”

“Ayaw pa rin akong makita?” narinig niyang tanong ni JR. “Para binibiro lang, nagtampo agad siya. Ang OA naman niya!”

Ah, ako pa ang OA! gigil na naisip si Allie.

Masasapak na talaga niya ang lalaki! Padabog na nagtungo siya ng banyo para maligo. May quince minutos din siyang nasa shower. Nakatapis lamang siya nang lumabas dahil katapat lang ng banyo ang kuwarto niya. Ganoon na lang ang gulat niya nang makitang nakatayo sa labas ng banyo si JR.

“Ano ba, papatayin mo ba ako sa gulat?” singhal niya. Namumula rin siya dahil towel lang ang nakatakip sa katawan niya.

Mabuti na lang at nakaalis na ang kanyang mga magulang, Maaga kasing nagbubukas ang maliit na restaurant nila na matatagpuan sa España. Malapit sa *UST* ang kanilang kainan at araw-araw na naroroon ang mama at papa niya para personal na pamahalaan ang kanilang negosyo.

“Saka bakit ka ba nandito? Sino’ng nagsabi sa’yong puwede kang pumasok dito?”

“Pumapasok naman talaga ako dito, ah!”

“Kaaway na kita!” Inirapan niya si JR bago siya pumasok sa kuwarto. Mabilis siyang nagbihis ng uniform dahil mayamaya lang ay bubusina na si Mang Ambo.

Kahit basa pa ang buhok ay lumabas na siya ng silid, bitbit ang bag at ilang libro. Naisip niyang sa

loob na lang ng sasakyan magpapatuyo ng buhok, tatal air-con ang L300 van na service nila.

“Uy, Allie, ’yung almusal mo!” tawag ni Lilet nang makitang nasa pinto na siya.

“Hindi na ako kakain!”

“Bakit, nagda-diet ka?”

Nagulat siya nang makitang nasa labas lang ng front door si JR. Ni hindi ito umalis. Talagang inabangan siya!

“Ano naman? Pakialam mo!”

Napabuntong-hininga ito. “Puwede ba, Allie, tigilan mo na ’yan.”

“Ikaw ang nagsabing ‘Dabiana’ ako, di ba?”

“Biro lang ’yun, masyado kang sensitive!”

“Ah, ewan!” nakasimangot na tugon niya. Ilang sandali pa’y narinig na nila ang busina ng school service. Nagmamadali siyang nagtungo sa gate, nakasunod si JR sa kanya.

Padabog na sumakay siya sa loob ng van. Nagtaka tuloy si Mang Ambo.

“Bati na tayo, ano ba? Para ka namang others

diyan.”

“Others talaga!” Nagsuklay na siya ng buhok. Sila pa lang dalawa ang naroroon. Limang estudyante lamang ang sini-service ng driver mula sa lugar nila.

“Sige na nga!” ani JR mayamaya.

“Anong sige na nga?” Tumigil siya sa pagsusuklay.

“Ipapakilala na kita kay Yael.”

Kaagad na nanlaki ang mga mata ni Allie sa narinig. Nakalimutan niyang galit siya sa kaibigan.

“Talaga?”

“Oo, kesa hindi mo ako kibuin!”

“Yehey!” Nayakap niya ito nang wala sa oras dahil sa sobrang tuwa.

“Uy, uy, ’wag kayong maglampungan dito sa loob ng van ko!” sita ni Mang Ambo. “Baka ako pa ang masisi ng mga magulang n’yo!”

Natatawang kumalas siya Allie sa binatilyo. Masaya na uli siya. Makikilala na niya si Yael, at friends na uli sila ni JR.

2

“Ayoko!” Iyon lang at tumakbo papasok ng van si Allie.

Kaagad na sumunod sa kanya si JR. Pumasok din ito sa loob ng sasakyan at hinarap siya.

“Akala ko ba gusto mong makilala si Yael? Bakit daig mo pa ang nakakita ng multo at bigla ka na lang tumakbo?”

Genuine ang pagtataka sa boses nito. Tila hindi nito naintindihan ang kanyang punto. Oo nga at nagsabi siya sa kaibigan na gusto niyang makilala ang pinakasikat na lalaki sa high school department, pero hindi naman niya sinabing ora mismo! As in, katatapos lang nilang mag-PE, pawisan pa siya at magulo ang buhok dahil naglaro siya ng volleyball. Sinong matinong bagets ang haharap sa crush niya na madungis?

Wala siyang balak na mapagkamalang taong grasa!

“Ano ka ba, nakita mo nang nanlilimahid ako! Basa ako ng pawis, ni hindi pa ako nakakapagsuklay, ’tapos hihilahin mo ako para ipakilala kay Yael! Hindi

mo man lang ako binigyan ng konting dignidad! Daig ko pa ang mangkukulam sa hitsura ko!” singhal niya. Sa totoo lang, gusto na niyang batukan ang kaibigan!

“Wala ka namang sinabing dapat ay nakaayos ka kapag ipinakilala kita sa kanya. Nagmamagandang-loob na nga ako, ’tapos mali pala ako.” Napakamot ito ng ulo. “Diyan ka na nga!” Tumayo ito at lumabas ng van.

“Teka, saan ka pupunta?” tawag niya.

“Kukunin ko ’yung bag ko, nasa bench pa!” Halata ang inis sa boses nito.

Nakasimangot pa rin si JR nang bumalik ito sa van, dala na ang backpack nito.

“Next time, abisuhan mo ako para makapaghanda ako. Siyempre gusto ko, maganda ako kapag nakaharap ko nang malapitan si Yael,” paalala ni Allie habang nagsusuklay ng buhok.

“Wala nang next time,” anito, madilim ang expression ng mukha.

“Anong wala nang next time?” Napatigil siya sa pagsuklay at tumingin sa kaibigan.

“Hanggang Friday na lang tayo, di ba? Bakasyon na sa susunod na linggo.”

“So? Buti nga ’yun, bakasyon. At least, may time ako para magpapayat. Para sa pasukan, maganda na ako. Tamang-tama, di ba?”

Hindi umimik si JR; nakatingin ito sa labas ng bintana ng van. Nasa labas ng sasakyan si Mang Ambo at tinatawag ang iba nilang kasama upang umuwi na.

“Sa sunod na pasukan, ipakilala mo na ako kay Yael, ha?” ungot uli ni Allie sa best friend.

Naisip niyang eksakto lamang ang susunod na pasukan para ma-reinvent niya ang sarili. Talagang magtitiis siya sa pag-exercise upang makamit ang goal niyang pagpapayat sa buong duration ng summer vacation at pagagandahin nang husto ang buhok. Kung kinakailangang tumulong siya sa canteen nila para may extra allowance siya, gagawin niya. Para makabili ng mga kikay kit! Aba, dalaga na yata siya!

“Hindi na puwede,” narinig niyang tugon ni JR.

“Anong hindi puwede? Nakakainis ka naman! Parang may time frame, ah!” Nawalang bigla ang mga iniisip niya dahil sa narinig.

“Di ba n’ung hiniling mo sa akin the other month na makilala si Yael, pumayag ako?”

“Oo nga. Bakit ngayon, sabi mo hindi na siya

puwedeng makilala?”

“Wala akong sinasabing hindi mo na puwedeng makilala si Yael. Ang sabi ko lang, hindi na puwede. I mean, hindi na kita puwedeng ipakilala sa kanya sa June.”

“Pero bakit?”

“Wala na ako dito sa June.”

Kumunot ang kanyang noo. “Anong wala? Bakit, lilipat ka na sa ibang planeta?”

“Sa Cebu na kami titira.”

Nagulat siya sa narinig. Hindi niya maintindihan ang rason nito. “Anong sa Cebu na kayo titira?” Bumilis ang kabog ng dibdib niya.

“Doon na kasi ang trabaho ni Papa. Lilipat na kami doon three weeks from now.”

“Ano!” Napalakas ang kanyang boses kaya pati si Mang Ambo na akmang papasok ng van ay nagulat.

“Aalis na kayo dito sa Manila three weeks from now?” paniniguro niya. Tumango ang kausap. “Ang bilis naman yata! Paano ’yan?” Pakiramdam ng dalagita ay umiikot bigla ang mundo niya. Hindi yata niya matatanggap na sa ibang lugar na titira si JR.

Sino na ang makakasama niya araw-araw?

“Nagulat nga rin ako nang kausapin ako ni Mama the other night. Hindi kaya ako nakatulog. Ayaw ko talagang tumira sa Cebu. Wala naman akong kakilala d’un.”

Nakita ni Allie na may namumuong luha sa mga mata ng kaibigan, pero kaswal nitong pinigilan para huwag tumulo. Pakiramdam niya ay nadudurog ang kanyang puso nang mga oras na iyon.

“Dito ka na lang muna sa Maynila.” Kahit papaano ay nabubuhayan na siya ng loob. Dalawang taon na lang ang natitira sa high school years nila at magka-college na sila. Puwedeng maging working student si JR kung gugustuhin nito.

“Nasabi ko na ’yan, kaso ayaw nila akong payagan. Sinabi ko nga na mag-dorm na lang ako pero ayaw talaga. Doon na lang daw kami. Gusto ni Papa, sama-sama kami. Apat lang daw kami, maghihiwalay pa.” Sinabi pa nitong sa Cebu na rin mag-aaral ng college at kukuha ng Nursing sa susunod na pasukan ang ate nitong si Judy.

“So, talagang doon na kayo?” tanong pa rin niya kahit pa alam na niya ang sagot.

“Pero malapit lang ang Cebu. Wala pang dalawang

oras sa eroplano mula dito sa Manila.”

“Ganoon pala, eh, di lagi ka na lang dumalaw dito.”

“Oo nga.” Bumuntong-hininga si JR. Ngayon lang niya nakitang malungkot ang kaibigan.

“Baka payagan akong magbakasyon sa Cebu, magkakasama pa rin tayo, di ba?” Alam ni Allie na malabong payagan siya ng mga magulang na bumiyaheng mag-isa, pero bahala na.

“Sana nga kaso kuripot ka. Mahal ang pamasaha sa eroplano.”

“Eh, di magbabarko ako.” Na mas malabong mangyari dahil ni hindi siya marunong lumangoy kaya imposibleng payagan siya ng mga magulang.

“Hayaan mo na. Two years lang naman tayo hindi magkikita, tiyak na babalik din ako rito sa Manila. Gusto ko kasi dito mag-college.” Pilit nitong pinasigla ang boses.

Mayamaya ay wala nang nagsasalita sa kanila. Naramdaman na lang ni Allie na tumutulo na pala ang luha niya. Mabuti na lang at sa pinakalikod ng van ang puwesto nilang dalawa, at tulog sa harap ang iba nilang kasabay sa service.

“Huwag ka nang umiyak.” Naglabas ito ng panyo.
“Hindi naman ako mamamatay.”

Alam niyang malapit lang ang Cebu at nasa mapa pa rin ito ng Pilipinas, pero hindi niya mapigilan ang sarili. Nalungkot siya nang todo sa nalaman na hindi na niya makakasama si JR sa susunod na pasukan. Ang bigat sa dibdib kaya patuloy ang daloy ng luha niya.

Si JR lang ang itinuring niyang matalik na kaibigan. Ito lang ang nakakaintindi sa kanya, sa mga mood swings niya at mga kinaiinisan niya sa buhay. Ito ang nakakaalam sa mga pangarap niya, sa mga paborito niyang pagkain, sa mga hilig niyang gawin at pati sa mga plano niya. At tanging si JR lamang ang nakakapagpatawa sa kanya kapg siya ay malungkot o kaya ay bad trip. Pagkatapos ngayon, malalaman niyang hindi na niya ito makakasama?

Kung puwede nga lang sumama na rin siya sa Cebu para sabay nilang tuklasin ang lugar na iyon. O di kaya ay sa kanila na lang muna tumira si JR kapag lumipat na sa Cebu ang pamilya nito. Kaso alam niyang hindi puwede lahat ang mga iniisip niya. Nalulungkot siya—at naiinis—dahil wala man lang silang magawa para maipaglaban ang friendship nila. But then again, ano ang laban ng musmos nilang puso

sa desisyon ng mga magulang nila?

Tatlong linggo na ang lumipas pagkatapos mag-umpisa ang summer vacation. Ni hindi namalayan ni Allie ang pagdaan ng mga araw. Sinikap nila ni JR na huwag pag-usapan ang paglipat nito sa Cebu, but they always end up talking about it anyway. Kahit paano ay nagiging magaan naman ang pakiramdam niya lalo na't nangako si JR na susulat lagi. At tatawag kapag puwede.

“Nangako na rin si Papa na magbabakasyon kami dito next year,” ani JR. kasalukuyan itong nasa sala ng kanilang bahay. Bihis na ito dahil ngayon na ang araw ng flight ng pamilya nito papuntang Cebu. Naroroon na nga ang ibang gamit ng mga ito. Naipadala na ang mga iyon sa barko noong isang linggo pa.

“O, magbabakasyon naman pala sila. Huwag ka nang malungkot.” Si Lilet, na nakisabad sa kanilang usapan.

“Baka hinahanap ka na ng mama mo.” Pinipigilan ni Allie na huwag umiyak sa harap ni JR dahil alam niyang maaapektuhan lang ito.

“Oo nga.” Tumayo na ang kaibigan at inayos ang nagusot na t-shirt. “Pa’no, tatawag-tawag na lang ako

at susulat.”

Sinabayan niya ang paglalakad nito hanggang sa gate nila. Nakalabas na ang binatilyo nang bigla itong pumihit. Maingat nitong hinaplos ang kanyang mukha.

“Babalikan kita.” Puno ng kasiguruhan ang boses ni JR. “Basta, kahit ano’ng mangyari, babalik ako.” Niyakap siya nito nang mahigpit. Hindi na napigilan pa ng dalagita ang pagdaloy ng luha na kanina pa pinipigil.

“Ingatan mo ang sarili mo, JR. Kasi... kasi...” Suminghot muna siya. “Kasi kapag hindi ka nag-ingat... sasapakin kita.”

Natawa ito sa tinuran ng kaibigan. Hinalikan muna nito ang kanyang noo bago tumalikod. Hindi na ito lumingon pa. Nanatiling nakatayo sa tabi ng gate ang dalagita, nakatingin lang, hanggang sa mawala na sa paningin niya ang kaibigan. Saka lamang siya pumasok sa bahay nila at nagkulong sa kuwarto. Buong araw niyang iniyakan ang pag-alis ni JR. At matagal niyang dinamdam iyon.

Tatlong linggo ang lumipas bago nakatanggap ng sulat si Allie mula kay JR. Halos mawalan na nga siya

ng pag-asa na susulat pa ito sa kanya. Hindi naman niya alam kung ano ang address nito sa Cebu kaya hindi siya makapagpadala ng sulat. Ang lungkot-lungkot tuloy ng summer niya.

Ang tanging konsolasyon lang niya ay nabawasan ang kanyang timbang dahil nawalan siya ng ganang kumain. Wala na kasi siyang kasamang mag-food trip at mangulit sa kusina. Pero ano ang saysay ng pagpayat niya kung hindi niya iyon maipagyabang kay JR?

Isang araw ay halos magtatatalon siya sa tuwa nang sabihin sa kanya ni Lilet na hinahanap siya ng kanilang may-edad na postman. May sulat umanong dumating para sa kanya.

Makapal ang sobreng natanggap niya mula sa Cebu. Natawa na lamang si Allie dahil mistulang diary ang pinadala ni JR sa kanya. Araw-araw itong nagkukuwento ng mga nangyayari sa buhay nito. At kaya natagalan umano ito sa pagpapadala ng sulat ay dahil hinanap pa nito ang post office sapagkat malayo sa bahay ng pamilya nito.

Muling nabuhay ang dugo ng dalagita dahil sa pagsulat ng kaibigan. Kaagad siyang nagpadala ng sulat kinabukasan. At ganoon na nga ang naging routine niya. Gabi-gabi ay kinukuwento niya kay

JR ang nangyayari sa kanya. Sa sulat na lamang niya binubuhos ang mga nararamdaman. Kuwento siya nang kuwento na para bang kaharap niya ang kaibigan.

Nang magpasukan na ay okay na ang pakiramdam niya dahil she has something to look forward to everyday. Akala niya ay mamamatay siya sa lungkot dahil wala na siyang kaibigan, pero nagkaroon naman siya ng bagong hobby— letter-writing. Lagi siyang nasa library kapag vacant period ng klase niya. Bukod sa nakakapagsulat na siya, nakakapag-aral pa siya.

Maraming pagbabago ang nangyari sa buhay ni Allie nang school year iyon. Marami ang nakapansin na pumayat siya. Natural na nawala ang kanyang mga baby fats at nagkaroon na siya ng curves in all the right places. At dahil wala na si JR sa tabi niya, marami na ring lalaki ang lumalapit sa kanya—including Yael—na nakabanggaan niya nang minsang palabas siya ng library. Nalaglag ang mga bitbit niyang libro dahil nagmamadali siya nang araw na iyon; gusto kasi niyang sumaglit sa post office habang vacant period pa nila. Tinulungan siya ni Yael at nakipagkilala ito.

Siyempre, ang lahat ng iyon ay ikinuwento niya kay JR sa sulat, pero dedma ito dahil iba ang ikinukuwento nito. Obviously ay nakapag-adjust na

Laging Naroon Ka - Charlotte Dianco

ito sa bagong school na nilipatan. Unti-unti na rin umano itong natututong magsalita ng Cebuano.

Noong una ay nakakatawag pa ito once a month sa kanila. Mahal kasi ang long-distance call. Laging kulang ang limang minuto sa kanila kaya inaabot sila ng isang oras. Nang lumaon ay sa sulat na lang ito nagkukuwento.

Dumating ang birthday ni Allie. Nalungkot uli siya dahil every year ay si JR ang lagi niyang kasama sa pagsi-celebrate. Pero isang espesyal na package ang dumating sa kanya sa school. Isang box iyon na kasing-laki ng box ng sapatos. Sa loob ay mayroong limang puting rosas at iba't ibang chocolates na hugis-puso.

Dearest Allie,

Naubos ang allowance ko dahil dito, pero alam kong matutuwa ka kaya okay lang. Happy Birthday! Best friends forever.

Love,

JR.

Iyon ang nakalagay sa maliit na sulat na kasama ng package. Tuwang-tuwa siya sa sorpresang natanggap. Inulan siya ng tukso mula sa mga kaklase. Akala kasi ng lahat, galing kay Yael ang white roses and chocolates. Simula kasi nang makilala niya ang lalaki ay lagi na itong bumibisita sa homeroom class nila. At alam ng buong high school department na wala na itong girlfriend kaya ang chismis ay siya na ang bagong nililigawan ng lalaki.

Kaagad niyang ibinida ang pangyayaring iyon kay JR. Pero matagal bago muling nakasagot ang kaibigan. Lagi raw kasi itong busy. Dumalang nang dumalang ang pagdating ng mga sulat mula rito, hanggang sa tuluyan na itong tumigil sa pakikipag-communicate sa kanya.

Noong una ay nasaktan si Allie nang mapagtanto na tuluyan nang nawala ang best friend niya, pero madali siyang naka-recover. Nakatulong ang kanyang newfound popularity para hindi masyadong maisip ito. Dumami ang kanyang activities at maging ang mga manliligaw.

As expected ng lahat ay si Yael ang naging boyfriend niya at partner sa JS Prom.

Akala niya noon ay siya ang magiging pinakamasayang babae dahil nobya siya ng campus heartthrob. Pero wala siyang naramdamang excitement nang dumalo sila ng prom, kahit pa nga silang dalawa ang tinanghal na Prom King and Queen. Deep inside kasi ay na-realize niyang mas gusto niyang si JR ang kasama nang mga oras na iyon. And she knew right there and then, na hindi sila para sa isa't isa ng kanyang unang kasintahan.

Hindi rin nagtagal sina Allie at Yael dahil nang sumunod na taon ay tumuntong na ito ng college at naging abala sa pag-aaral. Surprisingly ay wala siyang nadamang lungkot, sakit or panghihinayang. And although they parted ways as friends, para sa kanya ay walang papalit kay JR sa puso niya dahil nag-iisa lamang ang best friend niya.

Itinuon na lamang niya ang panahon sa pag-aaral. Paminsan-minsan ay kumakabog ang dibdib niya kapag nababanggit ang lugar na Cebu o kaya ay may nababasa tungkol sa lugar na iyon. Naaalala pa rin niya ang kaisa-isang matalik na kaibigan pero kinalimutan na siya nito. Masakit pero tinanggap niya.

She moved on with her life. At masaya na siya.

3

Nagising si Allie nang maramdaman ang mahinang pagyugyog sa kanyang balikat. Hindi niya namalayang nakaidlip na pala siya sa biyahe. Naisip niyang dala na rin ng matinding pagod at puyat noong nakaraang gabi kaya antok na antok siya. May isang mahalagang coverage kasi siyang tinutukan kaya madaling-araw na siya nakauwi.

“Tinulugan mo na naman ako.” May bahid ng kaunting pagtatampo ang tinig ni Cody, pero nakangiti ito. Nakahawak pa rin sa manibela ang isang kamay nito, ang isa naman ay nakapatong sa kamay niya.

Bahagya niyang pinisil ang kamay ng boyfriend. Naalala niyang sinundo nga pala siya nito sa TV station para makapag-dinner sila bago umuwi. At nagkukuwento pa ito kanina bago siya nakaidlip. Nasa Roxas Boulevard na pala sila.

“Pasensya ka na, antok lang talaga ako.” Inayos niya ang blouse na nagusot nang kaunti. Kinuha niya ang kanyang compact powder at dali-daling nag-retouch. “Halika ka na,” aniya pagkatapos.

Sabay silang bumaba ng kotse at magkahawak-kamay na pumasok sa *Aristocrat Restaurant*.

Isang taon na rin silang mag-boyfriend ni Cody. College pa sila nang magkakilala sa isang convention na dinaluhan ng iba't ibang estudyante from prestigious colleges and universities. Pero hindi sila nagkaroon ng romantic involvement noon dahil hindi ito nagpakita ng interes sa kanya gayundin siya rito. Dedma siya sa charm ng binata kahit pa nga crush ito ng mga babaeng participants dahil typical itong boy-next-door type. Estudyante ito sa *De La Salle University*, guwapo at coño ang dating pero mabait.

Iwas na iwas pa noon ang dalaga kay Cody dahil nadala na siya noon sa pakikipagrelasyon sa isang heartthrob. Kaya kahit anong pagyayaya ang ginawa sa kanya ng mga kasama, hindi talaga siya nakipagkaibigan sa lalaki.

Pero noon pa man pala ay interesado na ito sa kanya, pero hindi niya ito binigyan ng pagkakataon na maging malapit sa kanya.

Nang makapag-graduate siya sa isang kurso mula sa College of Arts and Sciences ng isang prestigious state university, kaagad siyang nag-apply ng trabaho sa isang malaking TV network. Pinalad naman siyang matanggap. Ngayon nga ay isa siyang segment

producer. At habang nagtatrabaho roon ay nagkrus uli ang landas nila ni Cody.

Project manager na ito sa isang advertising agency nang magkita sila sa isang malaking event. Presenter ang kanilang network samantalang ilan sa malalaking clients nito ang sponsors sa event. Hindi na nag-aksaya ng oras ang lalaki; bago natapos ang gabi ay nakuha nito ang cellphone number niya at naimbitahan na siya for dinner the next night.

Ilang buwan din siya nitong sinuyo bago siya napasagot. Matiyaga at maalalahanin ito kaya nahulog na rin ang loob niya sa manliligaw. Dahil kay Cody, nagkaroon ng kulay ang kanyang boring life dahil pulos trabaho ang kanyang inaatupag.

Walang problema sa relasyon nila. Naiintindihan nito na demanding ang trabaho niya at minsan ay dalawang beses sa isang linggo lang kung magkasama sila. Usually ay nag-di-dinner sila o kaya ay nanonood ng sine. Minsan ay humirit itong mag-out-of-town sila pero hindi siya pumayag. Kahit kasi moderno siyang babae, hindi lang talaga siya handang ibigay ang sarili sa nobyo. Alam niyang eventually ay darating din sila roon, pero alam din niyang hindi pa ngayon mangyayari iyon. Nauanawaan naman siya ng binata Good sport din naman ang nobyo niya dahil hindi na

ito humirit pa kaya lalo niya itong minahal.

“Sweetie, order ka na. Punta lang muna ako sa CR,” ani Cody.

Chicken barbecue and macaroni salad ang in-order ng dalaga, at sinigang with rice ang in-order niya para sa katipan. Alam na niya kung ano ang gustong kainin nito kapag nasa *Aristocrat* sila. Pagtalikod ng waiter ay tumunog ang kanyang cellphone. Si Madam Gina ang nasa kabilang linya; ito ang kanilang executive producer.

Habang nakikipag-usap sa phone ay nakita niyang bumalik na sa table nila si Cody. Tahimik lang itong nakatingin sa kanya. Pagkababa ng phone ay kaagad siyang tinanong nito kung sino ang tumawag.

“Sinabi lang ni Madam Gina ’yung assignment ko bukas. May iba pa daw kasing i-co-cover yung crew, pero uunahin na muna ’yung segment ko,” paliwanag niya.

“Saan ba bukas ang punta mo?”

“Sa Bicutan daw, eh. Kukunan ko lang ng footages at i-interview-hin ang jail warden doon, saka babalik ako sa station para gawin ang istorya then ipapa-dubbing ko na.”

Tumango-tango lang ito. Sanay na ito sa mga ginagawa niya. Nasa news and public affairs kasi siya at alam nitong malawak ang coverage ng trabaho niya.

Filmmaking ang talagang gustong pasukin ni Allie. Pero bago siya gumawa ng pelikula, gusto muna niyang mahasa sa TV production, at eventually, sa film production. Alam niyang matagal na proseso ang dadaanan niya pero okay lang. Hindi siya naniniwala sa overnight success dahil ang tagumpay ay talagang pinaghihirapan.

Pero wala pa siyang sinasabi sa nobyo tungkol sa kanyang mga plano. Ayaw niya kasing may kumontra kaagad o makarinig siya ng komento, not that Cody was negative. Supportive ito, kaya lang kasi ay mas gusto talaga niyang sarilinin ang mga sekretong pangarap sa buhay.

Dalawang oras din ang itinagal nila sa restaurant. Bago mag-alas-diez ay inihatid na siya nito dahil pareho pa silang may trabaho kinabukasan.

“Ma’am, mag-se-set up na po ako, ha?” narinig niyang sabi ni Roger, ang kanyang cameraman.

Kasalukuyan siyang naglalagay ng makeup sa

loob ng kanilang van. Ganoon siya lagi; saka lang siya nag-aayos kapag nasa location na. Ang kanyang mahabang buhok ay itinali niya sa likod para hindi maging sagabal at para hindi mainit. Bilangguan ang pinuntahan nila, natural lang na masikip at mainit. Nakasuot lamang siya ng jeans at rubber shoes, at green *Lacoste* polo shirt for women na bigay sa kanya ni Cody noong isang buwan.

Bitbit ang station microphone at ang kanyang maliit na bag, bumaba na siya mula sa sasakyan at pumasok sa tanggapan ng jail warden. Sinalubong siya ni Colonel Dizon, ang pinuno ng bilangguan sa *Camp Bagong Diwa* rito sa Bicutan. May beinte minutos din niyang kinapanayam ang opisyal. Pagkatapos ay sinamahan na sila nito sa mga selda para makunan ang loob ng jail.

Habang papasok sa area kung saan naroroon ang mga selda ay nakaramdam ng mahinang kabog sa dibdib si Allie at hindi niya maintindihan kung bakit. Nakaramdam din siya ng anxiety, at parang hinahalukay ang tiyan niya—bagay na nararamdaman lamang niya kapag kabado o excited.

May mga narinig siyang sumisipol habang naglalakad, na kaagad namang tumitigil kapag natapunan ng tingin ni Colonel Dizon. Ilang jail

officers din ang nakasunod sa kanila para masiguro ang kanilang kaligtasan habang naroroon kaya panatag dapat ang kanyang pakiramdam. Pero hindi naaalís ang kabog sa kanyang dibdib.

Nang tumigil sila sa isang selda ay napatingin siya sa loob niyon. At sinalubong siya ng tingin ng isa sa mga preso. Doon niya nalaman na may batayan ang kabang kanina pa niya nararamdaman.

Kilala niya ang nasa loob ng selda. Si JR!

Pakiramdam ni Allie ay kakapustin siya ng hininga. Biglang nagsikip ang paligid at lalong lumakas ang kabog ng kanyang dibdib. Ni hindi na niya naisip kung nasaan siya nang mga oras na iyon. Para siyang nakalutang na hindi niya maintindihan. Ni hindi na nga niya namalayang nakalapit na pala siya sa seldang nasa kaliwang bahagi.

“JR?” halos pabulong na tawag niya. Hindi pa rin siya makapaniwala sa nakikita. Si JR talaga ang nakatayo sa harap niya, pero may rehas na nakapagitan sa kanila. Nasa loob nga talaga ng selda ang lalaki.

Tumangkad pa ito nang ilang pulgada kaysa sa natatandaan niyang height nito noong high school

silang. Nagkaroon ng laman ang katawan nito at nakikita ang mga muscles nito dahil wala itong damit na pang-itaas. Flat ang tiyan, may abs pa. Nakasuot lamang ito ng maong pants at tsinelas. May tattoo rin ito sa itaas na bahagi ng kanang braso.

“Allie?” Nagliwanag ang mukha nitong kanina lang ay tila madilim dahil parang galit ang expression nito. Tila nagulat din ito nang makita siya.

“A-ano’ng ginagawa mo dito? I mean... a-ang alam ko ay... “ Hindi niya alam kung ano ang sasabihin. Napalunok siya, nakatingin lamang sa kaibigang hindi niya nakita nang ilang itaon.

“Kilala mo?” narinig niyang tanong ni Colonel Dizon na nakatayo sa tabi niya.

Maging ang cameraman niyang si Roger ay natigilan at kaagad nitong ibinaba ang bitbit na camera.

“He’s my friend...” Halos hindi lumabas ang mga kataga mula sa mga labi ng dalaga. Nagbabara na ang lalamunan niya, nagpupumiglas ang mga emosyon niya. Gusto niyang umiyak!

“Ma’am Allie, doon naman po ako sa kabilang selda. Pasasama na lang muna ako dito kay Chief,” anito, na ang tinutukoy ay ang isa sa mga jail officers.

“Gusto mo ba siyang makausap, Miss Allie?” tanong uli ni Colonel Dizon. “Puwede ko siyang papuntahin doon sa opisina ko.”

Tumango si Allie. Hindi pa rin siya makapagsalita nang mabuti. Punung-puno ng mga katanungan ang isip niya. Paanong nangyari na nakakulong ngayon si JR? Ang kanyang best friend na si JR. Ang alam niya ay nasa Cebu ito. Wala siyang kamalay-malay na narito pala ito sa Manila.

Hindi na niya namalayan na nakabalik na pala sila sa opisina ni Colonel Dizon. Nanghihina siyang napaupo sa sofa. Mabilis naman siyang binigyan ng tubig ng sekretarya ng warden.

Mayamaya lang ay pumasok na ang isa sa mga jail officers, kasama na nito si JR na may suot nang t-shirt. Puti iyon at may nakalagay pang *Cold Play*, na alam niya ay pangalan ng isang sikat na banda. Kinausap muna sandali ng warden si JR sa di-kalayuan kaya nagkaroon siya ng chance na pagmasdan ang lalaki. Bukod sa tumangkad ito at lalong gumanda ang katawan, mas guwapo ito ngayon kaysa noong mga bata sila. Bigla tuloy bumalik sa alaala niya ang mga pinagsamahan nila noon—lahat kasi ng masasayang bahagi ng kabataan niya, si JR ang kasama niya. Pagkatapos ngayon ay nakakulong ito. Hindi na niya

namalayan na tumutulo na pala ang luha niya.

“Allie? Allie?” Saka lang niya naramdamang hinawakan na pala ni JR ang kamay niya. Nang mag-angat siya ng mukha ay nakita niyang nakatingin ito sa kanya.

Hindi na niya napigilan ang sarili; niyakap niya ito at humagulhol.

4

Kanina pa tumigil sa pag-iyak si Allie, pero hindi pa rin siya halos makapagsalita. Emotional siya dahil sa pagkikita nila ni JR. Naubos na nga ang tissue na baon niya sa bag. Silang dalawa lang ang naroroon sa opisina ng warden, although maya't maya ay pumapasok ang sekretarya ng opisyal.

“Okay ka na?” narinig niyang tanong ng binata. Nakatingin ito sa kanya, in his usual boyish look. Maamo at inosente, which made her heart ache even more.

“P-papa’no ka napunta dito?”

Nagkibit-balikat ito. “Hayaan mo na.”

“Bakit nga? Ano’ng kasalanan mo?” Hindi matanggap ng dalaga na capable gumawa ng krimen ang kaharap. She needs to know the truth!

“Mahabang istorya.”

“Handa akong makinig.”

“Saka na. Hindi pa ito ang oras.” May tone of finality sa boses nito kaya hindi na muna siya nagpilit na tanungin ang binata kung bakit ito naroroon.

“M-may abogado ka ba? I mean... sino’ng nag-aasikaso ng kaso mo?” Her mind was spinning. Kung kinakailangang hanapan niya ng magaling na abogado ang kaibigan, gagawin niya! Hindi siya naniniwalang masama itong tao. Hindi criminal ang best friend niya!

May isang bahagi sa kanyang isip na nagsasabing hindi na niya kilala si JR dahil matagal silang hindi nagkita, pero pilit niyang iwinawaglit iyon. Ayaw niyang maging negative sa lalaki, lalo pa’t kababata niya ito.

“Huwag mo nang problemahin ’yun. Kaya ko ito.” Nagawa pa nitong ngumiti. Pakiramdam tuloy ni Allie ay hinihiwa ang puso niya. Naaawa talaga siya sa sinapit nitong kapalaran.

“Ang parents mo?” Hindi ito sumagot. Tila nakuha naman niya ang ibig iparating ng pananahimik nito. “Oh, my God... I’m sorry.”

Nag-iwas ito ng tingin saka may dinukot sa balsa sa likurang bahagi ng pants nito. *Marlboro Lights* at lighter!

“Kelan ka pa natutong manigarilyo?” dinapigilang tanong niya. Tila nagulat ito sa pagbulalas niya, kaagad nitong ibinalik ang sigarilyo at lighter

sa back pocket.

“Hindi akin ’yun, ipinatago lang.” Pero alam niyang nagsisinungaling anag kausap.

Ano pa ang itinatago mo? gustong idugtong ng dalaga.

“Pagkatapos mong maka-graduate ng high school, ano’ng ginawa mo?” Hindi na nag-alangan si Allie. Nagbabakasali pa rin siyang makakuha ng kahit maliliit na impormasyon para maintindihan niya kung ano ba talaga ang nangyari sa kaibigan.

“Nag-college naman ako.”

Kumunot ang noo niya. “Saan?”

“Sa Cebu.”

“Akala ko dito ka sa Maynila magka-college.”

“Maraming nagbago sa plano ko simula nang mapunta ako sa Cebu. Hindi rin ako agad nakabalik dito,” paliwanag ng kababata.

“Oo nga. Hinintay kita pero wala na akong narinig mula sa ’yo. Ni hindi ka na nga sumulat, eh,” aniyang hindi napigilan ang manumbat nang kaunti.

“Masaya naman kayo ni Yael, di ba?”

“Yael?” Ilang segundo rin ang dumaan bago niya napagtanto kung ano ang tinutukoy ni JR. Alam nito na naging magnobyong sila ni Yael! Kaagad siyang nakaramdam ng pag-iinit ng pisngi.

“Bakit nga ba kayo nag-break?” May pilyong ngiti sa labi ng lalaki, katulad noong teen-agers sila kapag inaasar siya nito.

“My God, JR! Nakakulong ka na’t lahat pero ang tinatanong mo ay tungkol kay Yael.” Alam niyang she sounded defensive pero totoo naman ang sinasabi niya. Hindi niya maintindihan kung bakit nagagawa pang magbiro ni JR gayung nakakulong ito! “Why don’t you tell me kung papa’no kita matutulungan?”

“I don’t need your help.” Biglang naging pormal ang hitsura nito. Tumayo na ito nang pumasok si Colonel Dizon sa silid. “Saka na lang uli tayo mag-usap.”

“Okay na, Miss Allie?” Nakatingin sa kanya ang warden. “You can still have another ten minutes kung gusto mo.”

“Hindi, okay na po. Saka na lang ako babalik.” Tumayo na rin ang dalaga. Siya namang pasok ng cameraman niya. “Nakuha mo na lahat ng footages na kailangan natin, Roger?” Nang tumango ang lalaki

ay nagpaalam na siyang aalis na sila.

Bago lumabas ng opisina ng warden ay tumingin muna siya kay JR, na noon ay napapalibutan na ng ilang jail officers. Muli siyang nalungkot. Ang isiping uuwi siya sa bahay nila samantalang ang kaibigan ay ipapasok uli sa masikip at nangangamoy na selda, parang hinihiwa ang puso niya.

“Babalik ako,” pangako niya sa kaibigan. Tumango lang ito bago tumalikod.

Nasa loob na siya ng sasakyan nang muling tumulo ang kanyang luha.

“Ano’ng nangyari sa ’yo?” puna ni Mrs. Adeline Delgado nang makitang namamaga ang kanyang mga mata.

Kararating lang ni Allie sa bahay nila at naroroon na ang kanyang ina dahil hindi na ito masyadong busy. Binitiwang na ng mga magulang ang maliit na restaurant nila noon at isang coffee shop na ang inaasikaso ng mga ito sa isa sa commercial buildings sa Makati. Kung dati ay inaabot ng alas diez ng gabi ang mag-asawa sa restaurant, ngayon ay maaga na ang mga ito kung umuwi. May manager nang nangangalaga sa negosyo nila.

Tumayo mula sa sofa ang ginang at nilapitan siya para tingnan siyang mabuti.

“Umiyak ka?” tanong nito. Kaagad siyang nag-iwas ng tingin.

“Napuwing lang po,” aniya.

“Ano’ng nakapuwing sa ’yo, elepante? Bakit magang-maga ang mga mata mo?”

Noong una ay ayaw pa sanang sabihin ng dalaga kung ano ang natuklasan niya nang araw na iyon, pero mapilit ang kanyang ina. Hindi siya nito tinigilan, kaya nasabi niya ang pagkikita nila ni JR sa kulungan. Katulad niya ay shocked din ito sa nangyari sa kaibigan niya. Kilala kasi ng mama niya si JR kaya hindi ito makapaniwalang naging masama itong tao.

“Baka na-frame up?” anito. “Maraming ganyan, eh. Kung hindi ka malakas o may-sinasabi, kawawa ka.”

“Ayaw niyang magsalita kung ano ang nangyari, kaya hindi ko alam kung papa’no siya tutulungan.” Magkatabi silang nakaupo ng ina sa malambot na sofa.

“Hayaan mo na muna. Baka nahihiya.”

“Sino’ng nahihiya?” sabad ng papa ni Allie na

noon ay kalalabas lang galing sa komedor.

“Naku, si JR, ’yung kaibigan ni Allie! Natatandaan mo ba siya, ‘Ling? ’Yung guwapong bagets na laging nagpupunta dito sa bahay natin?”

“Si JR? Di ba lumipat siya sa Cebu?”

“Nandito na siya uli.” Si, Mrs. Delgado na ang nagkuwento sa asawa nito kung papaano sila nagkita. Wala na rin naman siyang lakas na magkuwento pa.

Mayamaya lang ay tumayo na siya at pumasok sa kuwarto. Pakiramdam niya ay naubos ang kanyang lakas nang araw na iyon. Patang-pata ang katawan niya. Ang gusto na lamang muna niya ay matulog. Ni si Cody nga ay hindi na muna niya tinawagan.

Nakatulog ang dalaga na si JR pa rin ang nasa isip.